


1

NATIONAL LEARNING CAMP

Reading

Intervention Camp

Lesson Plans



Government Property
NOT FOR SALE

Intervention Learning Camp

Lesson Plans

Reading Grade 1

Table of Contents

Day 1: Lesson 1	1
Oral Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 2: Lesson 2	4
Oral Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 3: Lesson 3	7
Listening Comprehension and Play-based Application	
Day 4: Lesson 4	10
Oral Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 5: Lesson 5	13
Oral Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 6: Lesson 6	16
Listening Comprehension and Play-based Application	
Day 7: Lesson 7	19
Oral Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 8: Lesson 8	23
Oral Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 9: Lesson 9	26
Listening Comprehension and Play-based Application	
Day 10: Lesson 10	29
Oral Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 11: Lesson 11	32
Oral Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 12: Lesson 12	35
Listening Comprehension and Play-based Application	
Day 13: Lesson 13	38
Oral Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 14: Lesson 14	41
Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 15: Lesson 15	44
Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 16: Lesson 16	47
Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 17: Lesson 17	50
Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	

Day 18: Lesson 18	54
Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 19: Lesson 19	57
Oral Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 20: Lesson 20	61
Oral Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 21: Lesson 21	64
Oral Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding Listening Comprehension and Play-based Application	
Day 22: Lesson 22	67
Oral Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 23: Lesson 23	70
Oral Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 24: Lesson 24	72
Oral Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 25: Lesson 25	75
Oral Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 26: Lesson 26	77
Oral Language and Phonological Awareness Letter Knowledge and Decoding	
Day 27: Lesson 27	80
Listening Comprehension and Play-based Application	

Day 1, Lesson Plan 1
Oral Language and Phonological Awareness
Letter Knowledge and Decoding

Letrang Mm

Key Idea

- Pagkilala sa tunog ng letrang **Mm**.

Most Essential Learning Competencies

- Nabibigkas ang wastong tunog ng letrang **Mm**.
- Nakikilala ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.
- Nakikilala at naisusulat ang malaki at maliit na letrang **Mm**.

Bahagi 1: Lesson Short Review

Time: 7 mins.

Awit: Ang Alpabetong Filipino

- Sabihin: Kumusta kayo sa araw na ito?
- Ipaawit ang “Alpabetong Filipino”.

Tanong:

1. Ano ang naramdaman mo habang inaawit ang kanta?
2. Ano-anong mga letra ang nabanggit sa kanta?

Bahagi 2: Lesson Purpose/Intention

Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay makikilala, mabibigkas ang wastong tunog at maisusulat ng tama ang letrang **Mm**.

Bahagi 3: Lesson Language Practice

Time: 5 mins.

Game: Forming a Puzzle:

- Tanong: Nakagawa ka na ba ng isang puzzle? Ano ang naramdaman mo habang ginagawa mo ito?
- Sabihin: Ngayon, bubuo tayo ng isang puzzle. Tingnan natin kung ano kaya ang mabubuong larawan.
- Ihanda ang larawan ng puzzle at ipangkat ang klase sa 2 or 3.
- Tanong:
 1. Anong larawan ang inyong nabuo?



2. Ano ang masasabi ninyo tungkol sa mangga? Ilarawan mo.

- Hikayatin ang mga mag-aaral na ilarawan ang nasa larawan.

Bahagi 4: Lesson Activity

Time: 25 mins.

Bahagi 4A. Game: Show and Tell

- Sabihin: Kanina ay bumuo tayo ng isang **puzzle** ng larawan na nagsisimula sa tunog na /m/. Ngayon, kilalanin pa natin ang iba pang mga bagay at larawan na nagsisimula sa tunog na /m/.
- Ihanda ang mga larawan na nagsisimula sa tunog na /m/. Ilagay ang mga ito sa mesa.
- Sabihin: Kumuha ng isang larawan o bagay sa mesa at ilarawan ito sa klase.
- Ipakita isa-isa ang mga larawan na nagsisimula sa tunog na /m/.
- Ipakilala ang tunog ng letrang **Mm**. Pangalanan ang mga larawan.

Tanong:

1. Ano ang unang tunog ang maririnig sa salitang **mangga**?

- Kilalanin ang unang tunog ng **mangga**. Ibigay ang tunog ng /m/.
- Ipakilala ang mga larawan at ang simulang tunog na /m/.
(mangga, mani, mais, manok)

2. Ano ang tunog ang naririnig sa unahan ng salita?

- Ibigay ang tunog ng /m/. Gawin ito ng tatlong beses.
- Ipakita ang kard na may letrang **Mm**.
- Sabihin: Ito ang malaking letrang **M** at ang maliit na letrang **m**. Ang pangalan ng letra ay **Mm**.
- Ipakita ang wastong pagsulat ng letrang **Mm**. Itala ito sa hangin, sa palad, at sa desk.
- Tumawag ng mag-aaral na magsulat ng letrang **Mm** sa pisara. (Kung nagkamali ang mag-aaral sa pagsusulat, gabayan siya.)
- Sabihin: Ngayon, napag-aralan na ninyo ang letrang **Mm**. Isulat ito muli at ibigay ang tunog.
- Ipasulat sa mga mag-aaral ang wastong pagkakasulat ng letrang **Mm**. Ibigay din ang tunog ng letra habang nagsusulat.

Bahagi 4B. Game: Fishing

- Sabihin: Upang lalo natin matutunan at makilala ang tunog ng letrang **Mm** halina at samahan ninyo akong maglaro.
- Ihanda ang mga kagamitan sa paglalaro.
- Ibigay ang panuto sa paglalaro.
- Sabihin: Gamit ang pangbingwit, hulihin ang mga isda na mayroong letrang **Mm**. Pagkatapos, ibigay ang tunog ng letrang /m/.

Tanong:

1. Ano ang tunog ng letrang **Mm**?

2. Ano-ano pa ang mga bagay ang nagsisimula sa tunog ng /m/?

- Magmasid sa paligid ng silid-aralan. Hanapin ang mga bagay na nagsisimula sa tunog na /m/.

3. Kaya mo bang maibigay ang mga pangalan ng mga bagay sa loob ng silid na mayroong simulang tunog na /m/?

Bahagi 5: Lesson Conclusion

Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, para makita kung natutunan mo ang aralin ay sagutan mo ang gawain na ito.
- Kulayan ang mga larawan ng mangga na mayroong malaki at maliit na letrang **Mm**.
- Pagtatapos ng aralin:
Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay kikilalanin naman natin ang mga tunog ng letrang **Ss** at **Aa**.

Paalala sa Guro: Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

Day 1, Lesson Plan 2

Oral Language and Phonological Awareness

Letter Knowledge and Decoding

Letrang Ss at Aa

Key Idea

- Pagkilala sa mga tunog ng letrang **Ss** at **Aa**.

Most Essential Learning Competencies

- Nabibigkas ang wastong tunog ng mga letrang **Ss** at **Aa**.
- Nakikilala ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.
- Nakikilala at naisusulat ang malaki at maliit na letrang **Ss** at **Aa**.
- Nakikilala ang mga tunog na bumubuo sa pantig ng mga salita.

Bahagi 1: *Lesson Short Review*

Time: 7 mins.

Awit: Ano ang Tunog ng Mm?

(tune: The wheels on the bus)

Ano ang tunog ng letrang Mm?

Ng letrang Mm? Ng letrang Mm?

Ano ang tunog ng letrang Mm?

Ng letrang Mm? Ng letrang Mm?

/m/.../m/.../m/

1. Anong letra ang nabanggit sa awitin?

- Sabihin: Ibigay mo nga ang tunog ng letrang **Mm**.
- Magbanggit ng mga salita, larawan o bagay na nagsisimula sa tunog na **Mm**.
- Ipaawit muli ang awitin na “Ano ang tunog ng **Mm**?”.

Bahagi 2: *Lesson Purpose/Intention*

Time: 3 mins.

- Sabihin: Sa araling ito ay makikilala, mabibigkas ang wastong tunog at maisusulat ng tama ang mga letrang **Ss** at **Aa**.

Bahagi 3: *Lesson Language Practice*

Time: 5 mins.

Game: Hulaan Mo

- Sabihin: Sa pagpapatuloy ng aralin subukan na sagutin ang mga bugtong.
- Hulaan kung ano ang tinutukoy sa bugtong.

- Sabihin: Una: Isang malaking pinggan, sakop ang sanlibutan. Ano ito?
(Sagot: araw)

Tanong:

1. Ano ang unang tunog na maririnig salitang "araw"?

- Sabihin: Pangalawa: Anong bagay ang buto at balat ay lumilipad?
(Sagot: Sarangola)

2. Ano ang unang tunog na maririnig salitang saranggola?

- Sabihin: Ang salitang Araw ay nagsisimula sa tunog na /a/. Ang Sarangola nagsisimula sa tunog na /s/.

3: Kaya mo bang maibigay ang unang tunog ng salitang nabanggit sa bugtong?

Bahagi 4: Lesson Activity

Time: 25 mins.

Bahagi 4A. Game: Crossing the River

- Pag-aralan natin ang mga tunog ng unang letra na nabanggit sa bugtong.
- Magdikit sa sahig ng larawan ng isang ilog na may malalaking bato at may mga larawan. Kilalanin ang mga larawan (hal. sapatos, saging, sako, susi, sisiw, sombrero).
- Upang makapanhik sa ilog kinakailangan na apakan ang mga bato. Sa bawat pag-apak sa bato ay ibibigay ang simulang tunog at pangalan ng larawan.

Tanong:

1. Ano ang unang tunog ng mga larawan na makikita sa mga bato?

- Ipakita ang letrang Ss at ibigay ang tamang tunong ng /s/ at ulitin ito ng tatlong beses.
- Sabihin: Ulitin ang tunog ng /s/.
- Ipakilala ang malaki at maliit na letrang /Ss/. Ituro ang wastong pagsulat ng letrang /Ss/. Ibakat ang letra sa hangin, sa palad, sa mesa etc.
- Sabihin: Upang makabalik tayo mula sa kabilang bahagi ng ilog kilalanin naman natin ang mga larawan.
- Palitan ng larawan na nakadikit sa mga bato. Palitan ito ng mga larawan ng bagay na nagsisimula sa tunog na /a/. (hal. araw, atis, abokado, ampalaya, apa)


2. Ano ang unang tunog ng mga larawan na makikita sa mga bato?

- Ipakita ang letrang Aa, ibigay ang tamang tunong ng /a/ at ulitin ito ng tatlong beses.
- Sabihin: Ulitin ang tunog ng /a/.
- Ipakilala ang malaki at maliit na letrang Aa. Ituro ang wastong pagsulat ng letrang Aa. Ibakat ang letra sa hangin, sa palad, sa mesa etc.


Bahagi 4B. Forming Syllables and Words

- Sabihin: Ngayon ay nakilala na ninyo ang mga tunog na /m/, /s/, at /a/.
- Bumuo ng mga pantig gamit ang mga napag-aralan na letrang **Mm**, **Ss** at **Aa**.

m a ma




s a sa



- Ipabasa sa mga bata ang mga pantig na nabuo. (ma, sa)
- Bumuo ng mga salita mula sa mga nabuong pantig.


a ma ama



a sa asa




ma ma mama




a a sa aasa



ma sa masa



ma ma sa mamasa



- Basahin ang mga nabuong salita. (ama, asa, mama, aasa, masa, mamasa)
- Ipabasa sa mga bata ang mga salitang nabuo. (ama, asa, mama, aasa, masa, mamasa)

Bahagi 5: Lesson Conclusion

Time: 5 mins.

- Ipakita ang kard ng mga letrang **m, s** at **a**.
- Sabihin: Ibigay ang mga tunog ng bawat letrang **Mm, Ss** at **Aa**.
- Ipakita ang kard ng mga pantig na a, ma, sa.
- Sabihin: Basahin ang mga pantig na a, ma, sa.
- Ipakita ang kard ng mga nabuong salita. (ama, asa, mama, masa, aasa, mamasa)
- Ipabasa ang mga nabuong salita na ama, asa, mama, aasa, mamasa.
- Sabihin: Ngayon ay nababasa na ninyo ang mga salita na may tunog na m, s at a. Subukan naman natin na isulat ang mga salita sa inyong kwaderno.
- Ipasulat sa kwaderno ang mga salitang ididikta. (ama, mama, asa, aasa, masa)

Tanong:

1. May iba pa kayang salita ang maaring mabuo gamit ang mga napag-aralang letra?

- Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay magkakaroon pa tayo ng mga pagsasanay upang maging magaling kayo sa pagbabasa.

Paalala sa Guro: Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

Day 1, Lesson Plan 3

Listening Comprehension and Play-based Application

Pagbasa at Pag-unawa

Key Idea

- Pag-unawa sa nabasang pangungusap.

Most Essential Learning Competencies

- Nagagamit ang mga natutuhang salita sa pagbuo ng mga payak na pangungusap
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa payak na pangungusap.

Bahagi 1: Lesson Short Review

Time: 7 mins.

Awit: Ano ang Tunog ng Mm, Ss at Aa?

(tune: The wheels on the bus)

Ano ang tunog ng letrang Mm?

Ng letrang Mm? Ng letrang Mm?

Ano ang tunog ng letrang Ss?

Ng letrang Ss? Ng letrang Ss?

/m/.../m/.../m/

(Palitan ang letra ng Ss at Aa)

Tanong:

1. Anong letra ang nabanggit sa awitin?

- Sabihin: Ibigay mo nga ang tunog ng letrang **Mm, Ss** at **Aa**.
 - Ipakita ang kard ng mga salitang nabuo mula sa letrang napag-aralan na. Ipabasa ang mga salita sa mga mag-aaral.
2. Ano ang naramdaman mo ng mabasa mo ang mga salita sa kard?

Bahagi 2: Lesson Purpose/Intention

Time: 3 mins.

- Sabihin: Natutunan na ninyo ang mga tunog ng letrang **Mm, Ss, Aa** at ang mga salitang mabubuo mula sa mga letra. Sa araling ito ay mababasa natin ang mga pangungusap at masasagot ang mga tanong.

Bahagi 3: Lesson Language Practice

Time: 5 mins.

Pagpakilala ng Sight Words (Pantulong na salita)

- Basahin ang ang kard na may salitang ang at at.
- Sabihin: Kaya mo bang mabasa ang salitang nasa kard? (ang, at)
- Basahin ito mula at ipabasa sa mga mag-aaral.

Bahagi 4: Lesson Activity

Time: 25 mins.

Bahagi 4A. Game: Working Trays

- Pangkatin ang mga mag-aaral sa 2-3.
- Maglagay sa tray ng mga kards na may mga nakasulat ng pantig na napag-aralan na.
- Sabihin: Gamit ang mga pantig na makikita sa loob ng tray ay bubuo kayo ng mga salita. Ang pangkat na may maraming mabuong salita ang mananalo.

Tanong:

1. Ano-ano ang mga salitang nabuo ninyo?

- Basahin ang mga nabuong salita mula sa napag-aralang mga letra na **m, s** at **a**.
ama
asa
aasa
sama
masa
sasama

2. Kaya mo na ba na basahin ang mga salita?

- Ipabasa ang mga salita. Tumawag ng volunteer na magbasa, isahan, dalawahan at pangkatan.

3. Ano-ano ang mga salitang kaya mo ng basahin?

Bahagi 4B. Pagbasa ng mga parirala

- Ihanda ang mga sumusunod na parirala. Gamitin ang pantulong na salita na **ang** at **at**. Basahin.
ang ama
at aasa
ang sasama
aasa sa ama
sasama sa ama
- Ipabasa ang mga parirala. Tumawag ng volunteer na magbasa, isahan, dalawahan at pangkatan.
- Magaling! Kaya mo ng basahin ang mga salita at mga parirala na may letrang **m, s** at **a**.

Bahagi 4C. Pagbasa ng Pangungusap

- Sabihin: Ngayon, subukan naman natin na magbasa ng mga pangungusap. Huwag kalilimutan ang napag-aralan natin na pantulong na salita na **ang** at **at**.
- Ihanda ang mga pangungusap. (Maaring nakasulat sa manila paper o sa pisara)
- Basahin ang mga pangungusap.
Aasa sa ama.
Sasama sa ama.
Sasama ang mama sa ama.

- Ipabasa ang mga pangungusap. Tumawag ng volunteer na magbasa, isahan, dalawahan at pangkatan.
- Sabihin: Ngayon na nabasa mo na ang mga pangungusap. Sagutin natin ang mga tanong.
- Basahin ang pangungusap at sagutan ang tanong.

1. Aasa sa ama.

Kanino aasa? _____

2. Sasama ang mama sa ama.

Sino ang sasama sa ama? _____

3. Sasama ang mama sa ama.

Kanino sasama ang mama? _____

Tanong:

1. Ano ang naramdaman mo ng nabasa mo ang mga pangungusap?
2. Ano ang naramdaman mo ng nasagot mo ang mga tanong?

Bahagi 5: Lesson Conclusion

Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, para makita kung natutunan mo ang pagbasa ng mga salita, parirala at mga pangungusap. Isulat sa inyong kwaderno ang lahat ng mga salita na kaya mo nang basahin.
- Ipabasa sa mga bata ang kanilang naisulat na mga salita.

Tanong:

1. Ano ang naramdaman mo ng naisulat mo at nabasa ang mga salita?

- Pagtatapos ng aralin:

Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin sa araw na ito. Bukas ay kikilalanin naman natin ang tunog ng letrang **Ee, Oo** at **Ii**.

Paalala sa Guro: Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

Day 2, Lesson Plan 4
Oral Language and Phonological Awareness
Letter Knowledge and Decoding

Letrang li

Key Idea

- Pagkilala sa tunog ng letrang li.


Most Essential Learning Competencies

- Nabibigkas ang wastong tunog ng bawat letrang li.
- Nakikilala ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan
- Nakikilala at naisusulat ang malaki at maliit na letrang li.

Bahagi 1: Lesson Short Review

Time: 7 mins.

- Sabihin: Magbabalik-aral tayo ng mga letrang **Mm, Ss** at **Aa**.
- Gawin: Ipakita ang mga larawan na nagsisimula sa letrang **Mm, Ss** at **Aa**.
- Tanong: Nakikilala ba ninyo ang mga nasa larawan?
- Larawan



- Sabihin: Ibigay ang unang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.
- Gawin: Pagtambal ang malaki at maliit na letra **Mm, Ss** at **Aa** sa pisara.

Bahagi 2: Lesson Purpose/Intention

Time: 3 mins.

- Sabihin: Ang ating aralin sa araw na ito ay mabigkas ang wastong tunog ng letra **li**, at makilala ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.

Bahagi 3: Lesson Language Practice

Time: 5 mins.


- Sabihin: Awitin natin ang Alpabetong Filipino
- Ipakita ang mga letra ng Alpabetong Filipino.
- Itanong: Alam ba ninyo ang pangalan ng mga letra at ang mga tunog ng bawat letra?
- Sabihin: Bilugan mo nga ang letrang li.

Bahagi 4: Lesson Activity

Time: 25 mins.

Bahagi 4A

- Gawin: Ipakita ang mga larawan na nagsisimula sa letrang **li**.



- Tanong: Nakikilala ba ninyo ang mga nasa larawan?

Bahagi 4B

- Itanong: Ano ang tunog ng unang letra sa pangalan ng nasa larawan?
- Maaring isagot ng bata **/i/**.
- Sabihin: ang mga larawan ay nagsisimula sa tunog na **/i/**.
/i/ Itik, /i/ Itlog, /i/ Ilong, /i/.....ibon
- Sabihin: Pantigin ang mga salita sa pamamagitan ng pagpalakpak
i-tik =2 palakpak it-log = 2 palakpak i-long =2 palakpak i-bon = 2 palakpak
- Sabihin: Ito ang malaking letra ng **I** at ang maliit na letrang **i**.
- Gawin: Ito ang tamang pagsulat ng malaking letrang **I** at ito ang tamang pagsulat ng maliit na letrang **i**.
- Sabihin: Gamit ang inyong mga daliri gumuhit sa hangin ng malaki at maliit na letrang **li**.

Bahagi 4C

- Sabihin: Hawakan ang bahagi ng katawan na ipinakita sa larawan. (ilong)
- Itanong: Sino sa inyo ang kumakain ng itlog? Ano ang dulot ng itlog sa ating katawan?
- Sabihin: Nakakita na ba kayo ng ibon? Nakakita na ba kayo ng itik?
- Itanong: Saan kaya galing ang itlog?
Maaring isagot ng bata (manok, ibon, itik)
- Gawin: Bubuo tayo ng mga pantig gamit ang mga letrang natutunan natin. (m, s, a, at i)

m	s
a	i

m-a ma i-s is s-a sa
m-i mi s-i si a-s as

- Gawin: Basahin ang mga pantig ng pangkatan, may kapareha, o mag-isa.
- Sabihin: Ngayon naman ay bubuo tayo ng mga salita mula sa mga pantig.

ma	is
sa	mi
si	as

i-sa isa
mi-sa misa
i-i-sa iisa
ma-is mais
as-ma asma

Si-sa Sisa

- Gawin: Basahin ang mga salita ng pangkatan, may kapareha, o mag-isa.

Bahagi 5: Lesson Conclusion

Time: 5 mins

- Tanong: Anong letra ang natutunan natin sa araw na ito?
- Maaring isagot ng bata letrang **li** at tunog **/i/**
- Sabihin: Natutunan natin ngayon ay ang letrang **li** na may tunog na **/i/**. Sa susunod na aralin ay kikilalanin natin ang letrang **Oo** at ang tunog nito.

Paalala sa guro: Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

Day 2, Lesson Plan 5
Oral Language and Phonological Awareness
Letter Knowledge and Decoding

Letrang Oo

Key Idea

- Pagkilala sa tunog ng letrang Oo.

Most Essential Learning Competencies


- Nabibigkas ang wastong tunog ng letrang Oo.
- Nakikilala ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.
- Nakikilala at naisusulat ang malaki at maliit na letrang Oo.
- Nakabubuo ng mga pantig at salita gamit ang mga letrang natutunan.

Bahagi 1: Lesson Short Review

Time: 7 mins.

- Sabihin: Magbabalik-aral tayo ng mga letrang **Mm, Ss, Aa** at **li**.
- Gawin: Ipakita ang mga larawan na nag sisimula sa letrang **Mm, Ss, Aa** at **li**.
- Itanong: Nakikilala ba ninyo ang mga nasa larawan?

Larawan



- Sabihin: Ibigay ang unang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.
- Gawin: Pagtambalin ang malaki at maliit na letrang **Mm, Ss, Aa** at **li** sa pisara.

Bahagi 2: Lesson Purpose/Intention

Time: 3 mins.

- Sabihin: Ang ating aralin sa araw na ito ay mabigkas ang wastong tunog ng bawat letra ng alpabetong Filipino, makilala ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.

Bahagi 3: Lesson Language Practice

Time: 5 mins.

- Sabihin: Awitin natin ang “Ano ang Tunog ng Letrang Oo?”


- Ipakita ang mga letra ng Alpabetong Filipino
- Itanong: Alam ba ninyo ang pangalan ng mga letra at ang mga tunog ng bawat letra?
- Gawin: Kilalanin at bilugan ang letrang **Oo**.

Component 4: Lesson Activity

Time: 25 mins.

Bahagi 4A

- Gawin: Ipakita ang mga larawan na nag sisimula sa letrang **Oo**.
Larawan



- Itanong: Nakikilala ba ninyo ang mga nasa larawan?

Bahagi 4B

- Itanong: Ano ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan?
- Maaring isagot ng bata **/o/**
- Sabihin: Ang mga larawan ay nagsisimula sa tunog na **/o/**
/o/ orasan /o/ okra /o/ ospital
- Sabihin: Pantigin ang mga salita sa pamamagitan ng pagpalakpak
o-ra-san = 3 palakpak ok-ra = 2 palakpak os-pi-tal = 3 palakpak
- Sabihin: Ito ang malaking letra na **O** at ang maliit na letrang **o**.
- Gawin: Ito ang tamang pagsulat ng malaking letrang **O**
letrang **o**.
- Sabihin: Gamit ang inyong mga daliri gumuhit sa hangin ng malaki at maliit na letrang **Oo**.

Bahagi 4C

, at ito ang tamang pagsulat ng maliit na

- Itanong: Ano ang bagay na nagsasabi ng oras?
- Itanong: Sino sa inyo ang nakatikim na ng okra? Ano ang dulot ng okra sa ating katawan?
- Sabihin: Ang okra ay isang uri ng gulay na nagbibigay sustansya sa ating katawan
- Itanong: Saan kaya dinadala ang mga maysakit?
Maaring isagot ng bata (klinika, ospital)
- Gawin: Bubuo tayo ng pantig gamit ang mga letrang natutunan natin. (m, s, a, i, at o)

m	s
a	i
o	m

m-o mo o-s os s-a sa
m-i mi s-o so a-s as

- Gawin: Basahin ng pangkatan, may kapareha, o mag-isa.
- Gawin: Ngayon naman ay bubuo tayo ng mga salita mula sa mga pantig. (Maaaring palitan ang mga pantig para mas maraming mabubuong salita.)

mo	os	sa
mi	so	as
ma	is	mas

o-so oso ma-so maso
mi-so miso ma-sa masa
sa-mo samo i-sa isa
mo-mo momo

- Gawin: Basahin ang mga salita ng pangkatan, may kapareha, o mag-isa.

Bahagi 5: Lesson Conclusion

Time: 5 mins

- Itanong: Anong letra ang natutunan natin sa araw na ito?
- Maaring isagot ng bata letrang **Oo** at tunog **/o/**.
- Sabihin: Natutunan natin ngayon ay ang letrang **Oo** na may tunog na **/o/**, sa susunod na aralin ay letrang **Ee** naman ang ating pag-aaralan.

Paalala sa guro: Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

Day 2, Lesson Plan 6

Listening Comprehension and Play-based Application

Letrang Ee

Key Idea

- Pagkilala sa tunong ng letrang Ee
- Pag-unawa sa Kuwento o Seleksyon


Most Essential Learning Competencies

- Nabibigkas ang wastong tunog ng letrang Ee.
- Nakikilala ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan
- Nakikilala ang malaki at maliit na letrang Ee.
- Nakabubuo ng mga pantig at salita gamit ang mga letrang natutunan.
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang seleksyon.

Bahagi 1: Lesson Short Review

Time: 7 mins.

- Sabihin: Magbabalik-aral tayo sa mga letrang Mm, Ss, Aa li, at Oo.
- Gawin: Ipakita ang mga larawan na nagsisimula sa letrang Mm, Ss, Aa li, at Oo.
- Itanong: Nakikilala ba ninyo ang mga nasa larawan?



- Sabihin: Ibigay ang unang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.
- Sabihin: Pagtambalin ang malaki at maliit na letrang Mm, Ss, Aa li, at Oo sa pisara.

Bahagi 2: Lesson Purpose/Intention

Time: 3 mins.

- Sabihin: Ang ating aralin sa araw na ito ay mabigkas ang wastong tunog ng bawat letra ng alpabetong Filipino, makilala ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.
- Masasagot ang mga tanong tungkol sa binasang pangungusap.

Bahagi 3: Lesson Language Practice

Time: 5 mins.


- Sabihin: Awitin natin ang “Ano ang Tunog ng Letrang Ee?”
- Gawin: Ipakita ang mga letra ng Alpabetong Filipino.
- Itanong: Alam ba ninyo ang pangalan ng mga letra at ang mga tunog ng bawat letra?
- Sabihin: Ituro ang letrang Ee.

Bahagi 4: Lesson Activity

Time: 25 mins.

Bahagi 4A

- Gawin: Ipakita ang mga larawan na nagsisimula sa letrang Ee
Larawan



- Tanong: Nakikilala ba ninyo ang mga nasa larawan?
Ano ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan?
- Maaring isagot ng bata /e/
- Sabihin: Ang mga larawan ay nagsisimula sa tunog na /e/.
/e/ eroplano /e/ elepante /e/ ekis /e/ espada /e/ elisi
- Sabihin: Pantigin ang mga salita sa pamamagitan ng pagpalakpak
e-ro-pla-no = 4 palakpak e-le-pan-te = 4 palakpak
e-kis = 2 palakpak es-pa-da = 3 palakpak
e-li-si = 3 palakpak.
- Sabihin: Ito ang malaking letrang E, at ang maliit na letrang e.
- Gawin: Ito ang tamang pagsulat ng malaking letrang E at ito ang tamang pagsulat ng maliit na letrang e.
- Sabihin: Gamit ang inyong mga daliri gumuhit sa hangin ng malaki at maliit na letrang Ee.
- Gawin: Bubuo tayo ng pantig at salita gamit ang mga letrang natutunan na natin.
(m, s, a, i, o, at e)

m	s	a
i	o	e

m-e=me m- a=ma m-i=mi s-i = si i-s=is

- Gawin: Basahin ang mga nabuong pantig ng pangkatan, may kapareha, o mag-isa.
- Sabihin: Ngayon naman ay bubuo tayo ng mga salita mula sa mga pantig. (Maaaring palitan ang mga pantig para mas maraming mabubuong salita.)


me	ma	sa
mi	e	is
so	si	a

me-sa mesa mi-mi mimi
ma-mi mami ma-is mais
E-ma Ema si-so siso

- Gawin: Basahin ang mga nabuong salita ng pangkatan, may kapareha, o mag-isa.

Bahagi 4B Pagbasa ng Seleksyon

- Gawin: Ihanda ang kopya ng kuwento
Ihanda ang larawan na gamit sa kwento



- Sabihin: Makikinig kayo habang binabasa ko ang kuwento. Handa na ba kayo?
- Gawin: Basahin ang kuwento.

Si Ema at Siso

Si Ema ay may aso.
Si Siso ang aso ni Ema.
Si Siso ay nasa mesa.
Siso, Siso sama ka, sabi ni Ema.
Sama tayo kay Mama sa misa.
Sasama si Siso kay Ema.

- Sabihin: Basahin ng bata ang kuwento, maaring pangkatan, may kapareha, o mag-isa.

Bahagi 4C

- Sabihin: Ngayon nabasa na ninyo ang kuwento. Sagutan ang mga tanong.
- Tanong:
 - Sino ang may aso?
 - aso?
 - Nasaan si Siso?
 - Saan sasama si Ema at Siso?
 - Saan pupunta si Mama?

Bahagi 5: Lesson Conclusion

Time: 5 mins

- Itanong: Anong letra ang natutunan natin sa araw na ito?
- Maaring isagot ng bata letrang **Ee** at tunog **/e/**.
- Sabihin: Natutunan natin ngayon ay ang letrang Ee, sa susunod na aralin ay letrang **Bb** naman ang ating pagaaralan.

Paalala sa guro: Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

Day 3, Lesson Plan 7
Oral Language and Phonological Awareness
Letter Knowledge and Decoding

Letrang Bb

Key Idea

- Pagkilala sa tunog ng Letrang **Bb**.

Most Essential Learning Competencies


- Nabibigkas ang wastong tunog ng letrang **Bb**.
- Nakikilala ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.
- Nakikilala ang malaki at maliit na letrang **Bb**.
- Nakabubuo ng mga pantig at salita gamit ang mga letrang natutunan.

Bahagi 1: Lesson Short Review

Time: 7 mins.

- Sabihin: Magbabalik-aral tayo ng mga letrang **Mm, Ss, Aa, Ii, Oo, at Ee**.
- Gawin: Ipakita ang mga larawan na nag sisimula sa letrang **Mm, Ss, Aa, Ii, Oo, at Ee**.
- Itanong: Nakikilala ba ninyo ang mga nasa larawan?

Larawan



- Sabihin: Ibigay ang unang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.
- Sabihin: Tama, nagsisimula sa tunog na /e/ ang mga larawan.
- Gawin: Isulat ang malaki at maliit na letrang **Ee** sa pisara.

Bahagi 2: Lesson Purpose/Intention

Time: 3 mins.

- Sabihin: Ang ating aralin sa araw na ito ay mabigkas ang wastong tunog ng letrang **Bb** sa alpabetong Filipino, makilala ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.

Bahagi 3: Lesson Language Practice

Time: 5 mins.


- Sabihin: Awitin natin ang “Ano ang Tunog ng Letrang Bb?”
- Gawin: Ipakita ang mga letra ng Alpabetong Filipino
- Itanong: Alam ba ninyo ang pangalan ng mga letra at ang mga tunog ng bawat letra? Bilugan ang letrang **Bb**.

Bahagi 4: Lesson Activity

Time: 25 mins.

Bahagi 4A

- Gawin: Ipakita ang mga larawan na nagsisimula sa letrang **Bb**.
- Larawan



- Itanong: Nakikilala ba ninyo ang mga nasa larawan? Ibigay ang tunog at pangalan ng unang letra ng nasa larawan. Isulat sa sagutang papel.

Bahagi 4B

- Itanong: Ano ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.
- Maaring isagot ng bata /b/.
- Sabihin: Ang mga larawan ay nagsisimula sa tunog na /b/
/b/ baboy /b/ bola /b/ basket /b/ bote
- Sabihin: Pantigin ang mga salita sa pamamagitan ng pagpalakpak
ba-boy = 2 palakpak bo-la = 2 palakpak
bas-ket = 2 palakpak bo-te = 2 palakpak
- Sabihin: Ito ang malaking letrang **B**, at ang maliit na letrang **b**.
- Gawin: Ito ang tamang pagsulat ng malaking letrang **B** at ito ang tamang pagsulat ng maliit na letrang **b**.
- Sabihin: Gamit ang inyong mga daliri gumuhit sa hangin ng malaki at maliit na letrang **Bb**.

Bahagi 4C

- Itanong: Sino sa inyo ang nakakita na ng baboy?
- Itanong: Sino ang mayroong laruang bola?
- Itanong: Anong klase ng bola ang gusto mo?
Maaring isagot ng bata. (bola ng basketball, bola ng volleyball)
- Gawin: Bubuo tayo ng pantig gamit ang mga letrang natutunan natin. (m, s, a, i, o, e, at b)

m	s
i	o
a	e
b	s

b-a	ba	m-a	ma	m-i	mi
b-i	bi	a-b	ab	b-o	bo
i-b	ib	o-b	ob	s-o	so

- Gawin: Basahin ang mga nabuong pantig ng pangkatan, may kapareha, o mag-isa.
- Sabihin: Ngayon naman ay bubuo tayo ng mga salita mula sa mga pantig. (Maaaring palitan ang mga pantig para mas maraming mabubuong salita.)

ba	ma	mi
bi	so	bo
a	e	be

a-bo	abo	ba-ba	baba	a-ba	aba
bi-be	bibe	ba-ba-ba	bababa	ba-ba-e	babae
		ba-so	baso		

- Gawin: Basahin ang mga nabuong salita ng pangkatan, may kapareha, o mag-isa.

Bahagi 5: Lesson Conclusion

Time: 5 mins

- Itanong: Anong letra ang natutunan natin sa araw na ito?
- Maaring isagot ng bata letrang **Bb** at tunog **/b/**.
- Sabihin: Natutunan natin ngayon ay ang letrang **Bb**, sa susunod na aralin ay letrang **Uu** naman ang ating pag-aaralan.

Paalala sa guro: Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

Day 3, Lesson Plan 8
Oral Language and Phonological Awareness
Letter Knowledge and Decoding

Letrang Uu

Key Idea

- Nakikilala ang tunong at pangalan ng letrang **Uu**.

Most Essential Learning Competencies


- Nabibigkas ang wastong tunog ng letrang **Uu**.
- Nakikilala ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.
- Nakikilala ang malaki at maliit na letrang **Uu**.
- Nakabubuo ng mga pantig at salita gamit ang mga letrang natutunan.

Bahagi 1: Lesson Short Review

Time: 7 mins.

- Sabihin: Magbabalik-aral tayo ng mga letrang **Mm, Ss, Aa, Ii, Oo, Ee, at Bb**.
- Gawin: Ipakita ang mga larawan na nagsisimula sa letrang **Mm, Ss, Aa, Ii, Oo, Ee, at Bb**.
- Tanong: Nakikilala ba ninyo ang mga nasa larawan?

Larawan



- Sabihin: Ibigay ang unang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.
- Sabihin: Pagtambalin ang malaki at maliit na letra Bb sa pisara.
- Sabihin: Basahin ang natutunang pantig.

ba	ma	mi
bi	so	bo
a	e	be

Bahagi 2: Lesson Purpose/Intention

Time: 3 mins.

- Sabihin: Ang ating aralin sa araw na ito ay mabigkas ang wastong tunog ng letrang **Uu** sa alpabetong Filipino, makilala ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.

Bahagi 3: Lesson Language Practice

Time: 5 mins.

- Sabihin: Awitin natin ang “Ano ang Tunog ng Letrang Uu?”
- Gawin: Ipakita ang mga letra ng Alpabetong Filipino.
- Itanong: Alam ba ninyo ang pangalan ng mga letra at ang mga tunog ng bawat letra? Bilugan ang letrang **Uu**.


Bahagi 4: Lesson Activity

Time: 25 mins.

Bahagi 4A

- Gawin: Ipakita ang mga larawan na nagsisimula sa letrang **Uu**.

Larawan



- Itanong: Nakikilala ba ninyo ang mga nasa larawan?

Bahagi 4B

- Tanong: Ano ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.
- Maaring isagot ng bata /u/
- Sabihin: ang mga larawan ay nagsisimula sa tunog na /u/
/u/ unan /u/ ubas /u/ uod /u/ uling
- Sabihin: Pantigin ang mga salita sa pamamagitan ng pagpalakpak
u-nan = 2 palakpak u-bas = 2 palakpak
u-od = 2 palakpak u-ling = 2 palakpak.
- Sabihin: Ito ang malaking letra ng **U**, at ang maliit na letrang **u**.
- Gawin: Ito ang tamang pagsulat ng malaking letrang **U** at ito ang tamang pagsulat ng maliit na letrang **u**.
- Sabihin: Gamit ang inyong mga daliri gumuhit sa hangin ng malaki at maliit na letrang **Uu**.

Bahagi 4C

- Tanong:
Sino ang mayroong unan?
Malambot ba o matigas ang unan mo?
Maaring isagot ng bata (Malambot ang unan ko. Matigas ang unan ko.)
Sino na ang nakatikim ng ubas? Ano ang lasa nito?
Maaring isagot ng bata (Masarap ang prutas na ubas.)
- Gawin: Bubuo tayo ng pantig gamit ang mga letrang natutunan natin. (m, s, a, i, o, e, b, at u)

u	s
i	o
a	e
b	m

b-u	bu	m-a	ma	m-i	mi
b-i	bi	m-u	mu	b-u	bu
i-b	ib	s-u	su	s-o	so

- Gawin: Basahin ang mga nabuong pantig ng pangkatan, may kapareha, o mag-isa.
- Sabihin: Ngayon naman ay bubuo tayo ng mga salita mula sa mga pantig. (Maaaring palitan ang mga pantig para mas maraming mabubuong salita.)

bu	ma	mi
bi	mu	bu
a	i	su

a-bu abo ba-ba baba a-ba aba
ma-mi mami mu-mu mumu

- Gawin: Basahin ang mga nabuong salita ng pangkatan, may kapareha, o mag-isa.

Bahagi 5: Lesson Conclusion

Time: 5 mins

- Itanong: Anong letra ang natutunan natin sa araw na ito?
- Maaring isagot ng bata letrang **Uu** at tunog **/u/**.
- Sabihin: Natutunan natin ngayon ay ang letrang **Uu**, sa susunod ay pag aaralan natin ang letrang **Tt**.

Paalala sa guro: Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

Day 3, Lesson Plan 9

Listening Comprehension and Play-based Application

Letrang Tt

Key Idea

- Pag unawa sa Kuwento o Seleksyon
- Pagkilala sa tunog at pangalan ng letrang **Tt**.

Most Essential Learning Competencies


- Nabibigkas ang wastong tunog ng letrang **Tt**.
- Nakikilala ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.
- Nakikilala ang malaki at maliit na letrang **Tt**.
- Nakabubuo ng mga pantig at salita gamit ang mga letrang natutunan.
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang panungusap o seleksyon.

Bahagi 1: Lesson Short Review

Time: 7 mins.

- Sabihin: Magbabalik-aral tayo ng mga letrang **Mm, Ss, Aa, li, Oo, Ee, Bb, at Uu**.
- Gawin: Ipakita ang mga larawan na nagsisimula sa letrang **Mm, Ss, Aa, li, Oo, Ee, Bb, at Uu**.
- Tanong: Nakikilala ba ninyo ang mga nasa larawan?

Larawan



- Sabihin: Ibigay ang unang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.
- Sabihin: Pagtambalin ang malaki at maliit na letrang **Uu** sa pisara.
- Sabihin: Basahin ang natutunang pantig.

bu	ma	mi
bi	mu	bu
a	i	su

Bahagi 2: Lesson Purpose/Intention

Time: 3 mins.

- Sabihin: Ang ating aralin sa araw na ito ay mabigkas ang wastong tunog ng letrang **Tt** sa Alpabetong Filipino, makilala ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan.

Bahagi 3: Lesson Language Practice

Time: 5 mins.


- Sabihin: Awitin natin ang “Ano ang Tunog ng Letrang **Tt**?”
- Gawin: Ipakita ang mga letra ng Alpabetong Filipino.
- Itanong: Alam ba ninyo ang pangalan ng mga letra at ang mga tunog ng bawat letra? Bilugan ang letrang **Tt**.

Bahagi 4: Lesson Activity

Time: 25 mins.

Bahagi 4A

- Gawin: Ipakita ang mga larawan na nagsisimula sa letrang **Tt**.
Larawan



- Itanong: Nakikilala ba ninyo ang mga nasa larawan?
Ano ang simulang tunog ng mga salita o pangalan ng nasa larawan?
- Maaring isagot ng bata /t/.
- Sabihin: Ang mga larawan ay nagsisimula sa tunog na /t/.
/t/ talong, /t/ telepono, /t/ tasa, /t/ toga
- Sabihin: Pantigin ang mga salita sa pamamagitan ng pagpalakpak.
ta-long = 2 palakpak te-le-po-no = 4 palakpak
ta-sa = 2 palakpak to-ga = 2 palakpak
- Sabihin: Ito ang malaking letra ng **T**, at ang maliit na letrang **t**.
- Gawin: Ito ang tamang pagsulat ng malaking letrang **T** at ito ang tamang pagsulat ng maliit na letrang **t**.
- Sabihin: Gamit ang inyong mga daliri gumuhit sa hangin ng malaki at maliit na letrang **Tt**.
- Gawin: Bubuo tayo ng pantig gamit ang mga letrang natutunan natin. (m, s, a, i, o, e, b, u, at t)

t	u	s
i	o	b
a	e	m

t-a ta t-o to t-i ti
b-i bi m-u mu b-u bu
i-b ib s-u su s-o so

- Gawin: Basahin ang mga nabuong pantig ng pangkatan, may kapareha, o mag-isa.
- Sabihin: Ngayon naman ay bubuo tayo ng mga salita mula sa mga pantig. (Maaaring palitan ang mga pantig para mas maraming mabubuong salita.)


ta	to	ti
bi	mu	bu
ma	so	su
a	i	tu

ta-sa tasa ta-ba aaba ma-ta mata
tu-so tuso ta-ma tama ti-sa tisa
tu-ta tuta ta-bi tabi i-ta ita

- Gawin: Basahin ang mga nabuong salita ng pangkatan, may kapareha, o mag-isa.

Bahagi 4B

